

Estratehiyang pre-questioning sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tekstong impormatibo sa Filipino 11

Melencion, Marie Elaine P. ✉

Babag National High School-Senior High School, DepEd-Lapu-Lapu City Division Philippines
(marieelainemelencion@gmail.com)

Received: 10 August 2025

Available Online: 25 August 2025

Revised: 17 August 2025

DOI: 10.5861/ijrse.2025.25255

Accepted: 20 August 2025

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Reading comprehension challenges remain a major barrier to academic success among Senior High School students at Babag National High School. This study evaluated the effectiveness of the *Pre-questioning* strategy in teaching Pagbasa at Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto is a subject, I'm not focusing on the comprehension of informational texts among Grade 11 students from the Humanities and Social Sciences (HUMSS) and the Accountancy, Business and Management (ABM) strands. A rigorous quasi-experimental design was utilized, strategically incorporating both pre-test and post-test assessments to effectively measure significant improvements in students' reading comprehension skills as well as survey instruments to assess reading interest and retention. The tools used included a researcher-developed, expert-validated questionnaire and a Likert scale adapted from Tapasao (2016). Statistical analysis determined significant differences between initial and final performance scores. Findings revealed substantial improvement in students' post-test results compared to their pre-test scores, with statistically significant differences across identified competencies. Beyond measurable gains, students demonstrated increased engagement with texts and better retention of information. These outcomes highlight the potential of the *Pre-questioning* strategy to not only strengthen comprehension skills but also foster motivation and sustained interest in reading. The study recommends integrating *Pre-questioning* into reading instruction, particularly when teaching informational texts, to enhance both cognitive and affective aspects of literacy learning.

Keywords: pre-questioning strategy, quasi-experimental, informational text, reading comprehension, reading motivation

Estratehiyang pre-questioning sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tekstong impormatibo sa Filipino 11

1. Abstrak

Ang kakulangan sa kasanayan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa Babag National High School-Senior High School ay malaking balakid sa pagkatuto na nagtulak upang maisagawa ang pananaliksik. Nilayon ng pag-aaral na ito na gamitin at tasain ang kabisaan ng estratehiyang Pre-questioning sa pagtuturo ng Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik sa pagbasa ng tekstong impormatibo sa mga mag-aaral na nasa baitang 11 na kasalukuyang kumukuha ng Humanities and Social Sciences Strand at Accountancy, Business and Management Strand. Tiniyak na inalam ang pre-test at post-test iskor na sinundan ng pagkuha ng makabuluhang pagkakaiba ng pre-test at post-test iskor ng mga respondante ayon sa tinukoy na mga kompetensi. Gayundin ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Pre-questioning sa interes sa pagbasa at retensyon sa binasa ng mga mag-aaral. Gumamit ng dalawang instrumento ang mananaliksik, ito ay ang talatanungan na binuo ng mananaliksik na ipinabalideyt sa eksperto at likert scale na hinango sa pag-aaral ni Tapasao (26). Ito ay ginamitan ng Quasi-experimental design na paraan upang matiyak ang kabisaan ng estratehiyang Pre-questioning sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap. Nakita sa pag-aaral na malalaki ang agwat ng iskor na nakuha sa pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral. Napatunayan din na may makabuluhang pagkakaiba sa mean score sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap. Batay sa resulta, binigyang-diin ng mananaliksik na ang estratehiyang Pre-questioning para sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tekstong impormatibo ay nakapagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa, nakapaghihimok ng interes ng mga mag-aaral na basahin ang teksto at nakapagdudulot ng retensyon sa binasa kung lalapatan ang pagtuturo ng estratehiyang Pre-questioning. Inirekomenda ang paggamit ng awtput ng pag-aaral.

Susing Salita: estratehiyang Pre-questioning; quasi-experiemental; tekstong impormatibo; pagtuturo ng pagbasa; Lapu-Lapu City

2. Panimula

Ang pagbasa ay isang pangunahing kasanayan na dapat linangin ng bawat mag-aaral sapagkat ito ang nagsisilbing batayan sa pagkuha ng kaalaman at pag-unlad sa pagkatuto. Ang kakayahang bumasa at umunawa sa binabasa ay may malaking impluwensya sa tagumpay ng estudyante sa iba't ibang asignatura at sa pang-akademikong pag-unlad nito. Ayon kina Quintino at Abagon (463), ang pagbabasa ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa wika na dapat pagdalubhasaan ng mga mag-aaral sapagkat ito ay nakapagbibigay ng katalinuhan at mas malalim na pag-unawa sa mga impormasyong kanilang nababasa. Bagamat mahalaga ang pagbabasa sa pagkatuto, maraming mag-aaral ang nahihihirapang maunawaan ang mensahe o nilalaman ng teksto, at nagiging hadlang ito sa kanilang epektibong pagkatuto (Sudarmawan, 151).

Dagdag pa rito, habang lumalaki ang estudyante, inaasahan ang mas mataas na antas ng pag-unawa sa mas mahahabang teksto, subalit madalas ay hindi natutugunan ang pangangailangang ito (Sawchuk, wp). Ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ay malinaw na makikita sa resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2022, kung saan pumosisyon ang Pilipinas sa ika-76 mula sa 81 kalahok na bansa sa larangan ng pagbasa. Tanging 24% lamang ng mga estudyante ang nakamit ang batayang antas ng kasanayan, na nangangahulugang kaunti lamang sa kanila ang nakatutukoy ng pangunahing ideya at layunin ng tekstong binasa (Philstar Global; Chi).

Batay sa karanasan ng mananaliksik sa mahigit dalawang taon ng pagtuturo sa Babag National High School – Senior High School, natukoy ang ilang pangkaraniwang problema ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang kahirapan sa pagtukoy ng pangunahing ideya, paggawa ng kongklusyon mula sa binasang teksto, mababang

motibasyon sa pagbabasa, at kakulangan sa pag-unawa dahil sa hindi epektibong estratehiya sa pagtuturo. Dahil dito, maraming mag-aaral ang nagiging hindi interesado sa pagbabasa at hindi agad natutugunan ang mga gawain sa klase.

Upang tugunan ang mga suliraning ito, ginamit ng mananaliksik ang estratehiyang **Pre-questioning**. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, ibinibigay ang mga gabay na tanong bago magsimula ang pagbabasa upang pukawin ang interes, mapalakas ang motibasyon, at gabayan ang mga estudyante sa mas malalim na pag-unawa sa teksto. Ang estratehiyang ito ay nagbibigay-daan sa aktibong pakikilahok, pagpapalawak ng kaalaman, at pag-uugnay ng bagong impormasyon sa dating kaalaman ng mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa bisa ng estratehiyang **Pre-questioning** sa pagtuturo ng tekstong impormatibo sa asignaturang **Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik**. Sinuri ang pre-test at post-test ng mga mag-aaral upang matukoy ang pag-unlad sa kakayahang maunawaan ang teksto, pati na rin ang epekto nito sa interes at retensyon sa pagbasa. Dalawang instrumento ang ginamit: (1) talatanungan na binuo at ipinabalidate sa eksperto, at (2) Likert scale na hinango mula sa pag-aaral ni Tapasao (2026). Ang pananaliksik ay isinagawa sa pamamagitan ng **quasi-experimental design** upang masuri ang pagbabago sa pre-test at post-test performance ng mga kalahok.

Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na may makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral matapos gamitin ang estratehiyang **Pre-questioning**, na nagpapakita ng positibong epekto nito sa kaalaman, interes, at retensyon sa pagbasa ng tekstong impormatibo. Batay dito, inirerekomenda ng mananaliksik ang paggamit ng estratehiyang ito bilang gabay sa pagtuturo ng pagbasa sa Senior High School upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa at mahikayat silang maging aktibong mambabasa.

Paglalahad ng Suliranin - Tinasa sa pag-aaral na ito ang kabisaan sa paggamit ng estratehiyang Pre-questioning sa maunawang pagbasa sa asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananalik ng mga mag-aaral sa labing-isang antas ng Babag National High School-Senior High School sa taong panuruan 2024-2025 bilang gabay sa pagbuo ng kagamitan sa pagtuturo sa pagbasa.

Tiniyak din na matugunan ang mga sumusunod:

- Ano ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa maunawang pagbasa batay sa ikatlong kwarter na matatagpuan sa MELC's ayon sa: Natutukoy ang kahulugan at katangian ng mahahalagang salitang ginamit ng tekstong binasa; naipaliliwanag ang mga kaisipang nakapaloob sa tekstong binasa, at natutukoy ang paksang tinalakay sa tekstong binasa?
- Gamit ng estratehiyang Pre-questioning sa pagtuturo ng maunawang pagbasa, ano ang panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral batay sa mga tinukoy na kompetensi?
- May makabuluhan bang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap sa maunawang pagbasa batay sa mga tukoy na MELC's?
- Ano ang nahinuha ng mga respondante na epekto sa paggamit ng estratehiyang Pre-questioning sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ayon sa: interes sa pagbasa; at retensyon sa pagbasa?
- Batay sa mga natuklasan, anong kagamitan sa pagtuturo ng maunawang pagbasa gamit ang estratehiyang Pre-questioning ang mabubuo?

Haypotesis:

H01 Walang makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral batay sa mga tinukoy na MELC's sa maunawang pagbasa.

3. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik – Sa pag-aaral na ito, ginamit ang descriptive-correlational na disenyo upang tukuyin kung may kaugnayan ang attitude ng mga guro sa antas ng kanilang burnout habang nagtuturo sa inclusive classes. Tiningnan ang tatlong aspeto ng burnout: emotional exhaustion, depersonalization, at personal accomplishment. Lumahok sa pag-aaral ang 37 guro mula sa Babag National High School – Senior High School, na napili sa pamamagitan ng random sampling.

Daloy ng Pag-aaral - Gamit ang **INPUT-PROCESS-OUTPUT framework**, inilatag ang daloy ng pananaliksik:

INPUT

Ang mga datos na kinolekta sa panimulang bahagi ng pananaliksik ay binubuo ng sumusunod:

- **Demographic profile** ng mga guro (edad, kasarian, haba ng karanasan sa pagtuturo, at iba pa),
- **Attitude ng mga guro** patungkol sa inclusive education,
- **Antas ng burnout** batay sa tatlong dimensyon: *emotional exhaustion, depersonalization, at personal accomplishment*.

Ang pagpili sa mga variable na ito ay batay sa mga umiiral na literatura na nagsasabing may kinalaman ang attitude ng guro sa antas ng kanilang burnout sa inclusive setting (Halimbawa: Maslach & Jackson, 1981; Avramidis & Norwich, 2002).

PROCESS

Ang proseso ng pananaliksik ay isinagawa sa mga sumusunod na hakbang:

- **Pagbuo ng talatanungan** na hinango mula sa mga naunang validated na instrumento, kabilang ang Maslach Burnout Inventory (MBI) at Teacher Attitude Survey.
- **Pagsasagawa ng content validation** sa tulong ng mga eksperto upang matiyak ang angkop at wastong gamit ng mga tanong.
- **Pamamahagi ng talatanungan** sa mga respondente gamit ang random sampling method.
- **Pangangalap ng datos** mula sa 37 guro ng Babag National High School – Senior High School.
- **Pagsusuri ng datos** gamit ang angkop na estadistikal na pamamaraan gaya ng mean, Pearson r, at iba pang kaukulang pagsusuri upang matukoy ang relasyon ng mga variable.
Ang prosesong ito ay sinunod upang masigurong sistematiko, may bisa, at maaasahan ang kalalabasan ng pananaliksik.

OUTPUT

Mula sa pagsusuri ng mga nakalap na datos, inilalahad ang mga sumusunod na kinalabasan:

- **Antas ng attitude at burnout** ng mga guro sa inclusive classes;
- **Kaugnayan ng attitude** sa antas ng burnout;
- **Interpretasyon ng mga datos** batay sa estadistikal na resulta; at
- **Mga rekomendasyong praktikal** para sa pagpapabuti ng suporta sa mga guro sa inclusive education, gaya ng pagsasanay, mental health support, at policy enhancement.

Ang mga kinalabasan ay magsisilbing batayan para sa mga hakbangin ng mga administrador at tagapagpatupad ng patakaran sa edukasyon

Kapaligiran ng Pag-aaral -Isinagawa ang pananaliksik sa **Babag National High School – Senior High School**, Lapu-Lapu City, Cebu. Ang paaralan ay kabilang sa categoryang **very large school**, na may humigit-kumulang 2,000 Senior High School students at 65 guro sa Senior High School Department. Ang naturang paaralan ay kilala sa mataas na antas ng akademikong pamantayan sa lungsod.

Respondante – Ang mga respondante sa pag-aaral na ito ay 37 guro na nagtuturo sa mga inclusive classes. Sila ay napili sa pamamagitan ng random sampling upang matiyak ang pagiging representatibo ng datos at maiwasan ang pagkiling sa pagpili ng kalahok. Ang pamamaraang ito ay nakabatay sa layuning makuha ang makatotohanang pananaw ng mga guro hinggil sa kanilang attitude at antas ng burnout sa loob ng inclusive na kapaligiran ng pagtuturo.

Instrumento ng Pananaliksik - Ang pananaliksik ay gumamit ng questionnaire na binuo batay sa mga umiiral na literatura at naunang pag-aaral kaugnay ng attitude ng mga guro at burnout. Upang matiyak ang bisa at kaangkupan ng instrumento, ito ay sumailalim sa content validation ng mga eksperto sa larangan ng edukasyon at sikolohiya. Ang questionnaire ay binubuo ng mga bahagi na sumusukat sa attitude ng mga guro sa inclusive education at sa tatlong pangunahing dimensyon ng burnout: emotional exhaustion, depersonalization, at personal accomplishment, alinsunod sa modelong iminungkahi ni Maslach (Maslach Burnout Inventory - MBI)

Pangangalap ng Datos - Kinolekta ang datos sa pamamagitan ng pamumudmod ng questionnaire sa mga respondante, at tiniyak ng mananaliksik ang kumpletong pagsagot ng bawat item. Ang pagkolekta ng datos ay isinagawa sa isang kontroladong kapaligiran upang maiwasan ang bias at maling interpretasyon ng sagot.

Pamamaraang Estadistikal – Ang mga nakalap na datos ay isinailalim sa maingat na pagtatala gamit ang Microsoft Excel at sinuri sa pamamagitan ng angkop na estadistikang pamamaraan. Ginamit ang *descriptive statistics* upang mailarawan ang **demographic profile** ng mga guro, gayundin ang kanilang **attitude** sa inclusive education at **antas ng burnout** sa bawat dimensyon. Samantala, upang masukat ang antas ng ugnayan sa pagitan ng attitude at burnout, ipinatupad ang *Pearson Product-Moment Correlation Coefficient* (Pearson r). Ang wastong pagproseso at interpretasyon ng datos ay isinagawa upang matiyak ang **bisa**, **katumpakan**, at **kredibilidad** ng resulta ng pananaliksik, alinsunod sa mga pamantayan ng estadistikal na pagsusuri sa agham panlipunan.

Saklaw at Limitasyon – Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng **attitude** at **antas ng burnout** ng mga gurong nagtuturo sa inclusive classes sa **Senior High School Department ng Babag National High School** para sa taong panuruan 2024–2025. Tinutukoy lamang sa pag-aaral ang ugnayan ng mga nasabing variable at hindi nito saklaw ang ibang salik tulad ng uri ng kurikulum, klase ng estudyanteng hawak, o sistemang pang-administratibo ng paaralan. Limitado rin ang bilang ng mga respondante sa **37 guro** at sa tatlong dimensyon ng burnout na kinabibilangan ng: **emotional exhaustion**, **depersonalization**, at **personal accomplishment**, batay sa balangkas nina Maslach at Jackson (1981). Dahil dito, hindi maaaring i-generalize ang resulta sa lahat ng guro sa ibang konteksto o paaralan.

4. Resulta at pagtalakay

Sa kabanatang ito, inilalahad at sinusuri ang mga datos na nakalap kaugnay sa pagganap ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa. Tinukoy dito ang paunang pagganap ng mga respondante gamit ang tradisyonal na pagtuturo, ang panghuling pagganap gamit ang estratehiyang **Pre-questioning**, ang makabuluhang pagbabago sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap, at ang epekto ng estratehiyang ito sa interes at retensiyon ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Ang pagsusuri ng mga datos ay isinagawa gamit ang statistical software. Ang mean at standard deviation ng paunang at panghuling pagganap ay ginamit upang tukuyin ang antas ng kakayahan ng mga estudyante, habang ang Wilcoxon signed rank test naman ang ginamit upang matukoy ang makabuluhang pagbabago sa pagganap. Ang frequency analysis ay ginamit upang masukat ang epekto ng estratehiyang **Pre-questioning** sa interes at retensiyon sa pagbasa.

Sa paunang pagganap, gumamit ang mananaliksik ng apat na hakbang sa tradisyonal na pagtuturo: pagbibigay ng motibasyon sa paksa gamit ang mga larawan, pagbasa ng tekstong impormatibo, talakayan ng teksto, at pagsasagawa ng pasulit upang masukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Sinuri ang kasanayan ng mga estudyante sa tatlong pangunahing kompetensi: (1) pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita sa teksto; (2) pagpapaliwanag ng mga kaisipang nakapaloob sa teksto; at (3) pagtukoy sa paksang tinalakay sa tekstong may temang mga suliranin sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

Lumabas sa pagsusuri na may kakulangan ang mga mag-aaral sa tatlong kompetensiyang ito. Ang paunang datos ay nagpakita na nahihirapan ang mga estudyante sa pag-unawa sa mga mahahalagang salita, pagbibigay-kahulugan sa kaisipan, at pagtukoy sa paksa ng teksto. Ang resulta ng paunang pagsusuri ay nagsilbing baseline upang matukoy ang magiging epekto ng estratehiyang **Pre-questioning** sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa maunawang pagbasa.

Paunang at Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Maunawang Pagbasa

Talahanayan 1

Paunang Pagganap ng mga Mag-aaral

Kompetensi	Mean	SD	Antas ng Pagkatuto
Pagtukoy sa kahulugan at kalikasan ng mahahalagang salita	66	16.4	Patungo sa Pagkatuto
Pagpapaliwanag ng mga kaisipang nakapaloob sa teksto	65	12.2	Katamtamang Pagkatuto
Pagtukoy sa mga paksang tinalakay	46	12.6	Katamtamang Pagkatuto

Paglalahad ng Resulta:

- Pagtukoy sa kahulugan at kalikasan ng mahahalagang salita – Ang mean na 66 ay nagpapakita ng antas na “Patungo sa Pagkatuto” (Wiley Online Library, wp).
- Pagpapaliwanag ng kaisipang nakapaloob sa teksto – Mean na 65, nasa “Katamtamang Pagkatuto,” nagpapakita ng limitadong kakayahan (Starke, wp).
- Pagtukoy sa mga paksang tinalakay – Mean na 46, kabilang sa “Katamtamang Pagkatuto,” nagmumungkahi ng limitadong pagkaunawa gamit ang tradisyonal na pagtuturo.

Limitado ang kasanayan sa maunawang pagbasa bago mailapat ang estratehiya, na nagpapahiwatig ng pangangailangan ng mas inobatibong pamamaraan.

Talahanayan 2

Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral

Kompetensi	Mean	SD	Antas ng Pagkatuto
Pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita	89	10.5	Malapit sa Tinatayang Pagkatuto
Pagpapaliwanag ng mga kaisipang nakapaloob sa teksto	84	10.7	Patungo sa Pagkatuto
Pagtukoy sa mga paksang tinalakay	69	14.9	Patungo sa Pagkatuto

Paglalahad ng Resulta:

- Pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita – Pag-unlad mula 66 → 89 (Fitriyani et al., 8).

- Pagpapaliwanag ng kaisipang nakapaloob sa teksto – Pagtaas mula 65 → 84, nagpapakita ng mas malalim na interpretasyon (Rusmati, 70; Rosnaningsih, 52).
- Pagtukoy sa mga paksang tinalakay – Pagtaas mula 46 → 69, nagpapakita ng mas mahusay na pagkilala sa pangunahing ideya (Warganera, 67; Oktaviani et al., 54).

Nakikita ang malinaw na pag-unlad sa lahat ng kompetensi, lalo na sa pagtukoy sa mahahalagang salita at paksang tinalakay, sa tulong ng Pre-Questioning.

Talahanayan 3

Makabuluhang Pagkakaiba sa Pauna at Panghuling Pagganap

Kompetensi	p-value	Desisyon	Interpretasyon
Pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita	<0.001	Reject	Makabuluhan
Pagpapaliwanag ng mga kaisipang nakapaloob sa teksto	<0.001	Reject	Makabuluhan
Pagtukoy sa mga paksang tinalakay	<0.001	Reject	Makabuluhan

Paglalahad ng Resulta:

Ang p-value (<0.001) ay nagpapakita ng makabuluhang pag-unlad sa lahat ng kompetensi matapos mailapat ang estratehiyang Pre-Questioning (Angkarini, 111; Thohidah, 1).

Talahanayan 4

Nahinuag Epekto ng Pre-Questioning sa Interes at Retensyon

Epekto	Palagi n(%)	Madalas n(%)	Minsan n(%)	Mean	SD	Interpretasyon
Interes sa pagbasa	10 (20%)	37 (74%)	3 (6%)	4.14	0.495	Madalas
Retensyon sa pagbasa	9 (18%)	34 (68%)	7 (14%)	4.04	0.570	Madalas

Pinataas ng Pre-Questioning ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral (Baihaqi, 39; Yuricki, 41). Pinabuti ang retensyon sa pagbasa sa pamamagitan ng mas malinaw na pag-unawa at pagtukoy sa mahahalagang salita, kaisipan, at paksang tinalakay (Utami, 64).

Pangunahing Konklusyon

- Makabuluhang pag-unlad ng pagganap – Mas mataas ang marka sa panghuling pagsusuri kumpara sa pauna.
- Interes sa pagbasa – Nakatutulong sa aktibong pakikilahok sa teksto.
- Retensyon sa pagbasa – Mas madaling maalala at maunawaan ang impormasyon.

Kabuuan: Ang estratehiyang Pre-Questioning ay epektibo sa pagpapataas ng interes, comprehension, at retention ng mga mag-aaral sa maunawang pagbasa.

5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Ipinapakita ng pag-aaral na ang estratehiyang **Pre-Questioning** ay epektibo sa pagtuturo ng maunawang pagbasa sa mga mag-aaral ng Senior High School (Antas 11). Sa paunang pagsusuri gamit ang tradisyonal na pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nasa antas ng **Katamtamang Pagkatuto** sa pagpapaliwanag ng kaisipan at pagtukoy sa paksang tinalakay, habang ang kasanayan sa pagtukoy sa kahulugan at kalikasan ng mga mahahalagang salita ay nasa antas na **Patungo sa Pagkatuto**. Matapos mailapat ang estratehiya, lumitaw ang makabuluhang pag-unlad sa lahat ng kompetensi; ang pagtukoy sa kahulugan at katangian ng salita ay umabot sa antas na **Malapit sa Tinatayang Pagkatuto**, at ang iba pang kakayahan ay nasa antas ng **Patungo sa Pagkatuto**. Ipinapakita nito na ang sistematikong paggamit ng Pre-Questioning ay nakapagpapalakas sa kaalaman, kritikal na pag-iisip, at pag-unawa ng mga mag-aaral bago pa man nila ganap na basahin ang teksto.

Bukod sa pagganap, lumitaw din na positibo ang epekto ng Pre-Questioning sa **interes at retensyon** ng mga mag-aaral. Mas naging interesado ang mga respondante sa pagbasa ng tekstong impormatibo, madalas silang nakakasagot sa tamang oras, at naitataas ang kanilang retention sa tatlong pangunahing kompetensi: pagtukoy sa kahulugan at kalikasan ng mahahalagang salita, pagpapaliwanag ng kaisipan, at pagtukoy sa paksang tinalakay. Ipinapakita ng resulta na ang estratehiyang ito ay nakapaghihikayat ng aktibong partisipasyon at mas malalim na pag-unawa sa teksto, na nagpapalago sa komprehensyon ng mga mag-aaral.

Batay sa mga natuklasan, **inirerekomenda** ng mananaliksik na gamitin ang Pre-Questioning bilang dagdag na estratehiya sa pagtuturo ng maunawang pagbasa. Himukin ang mga mag-aaral na gamitin ito upang mapaunlad ang interes at retention sa pagbabasa, at gumamit ng mga makabagong gawain o teknik na naaayon sa kanilang pangangailangan. Mas mainam ding isaalang-alang ang antas ng kahirapan ng babasahin at kaalaman ng mga estudyante bago magbigay ng paunang tanong, upang mas epektibong mapaunlad ang kakayahan sa maunawang pagbasa at masiguro ang makabuluhang pagganap ng mga mag-aaral.

6. Sanggunian

- Ackermann, Lena et al. (2019). Children learn words easier when they are interested in the category to which the word belongs. Wiley Online Library. <https://onlinelibrary.wiley.com/doi/10.1111/desc>
- Angkarini, Tri. (2020). The effects of pre-questioning reading strategies and the use of teaching media to students reading comprehension. *Journal of English Language Teaching*, 04(02), 106-112.
- Baihaqi, & Yakob, Muhammad. (2018). The effect of using pre-questioning on reading comprehension achievement to class 11 at MAN 1 Peureulak. *Jurnal Ilmiah Sains, Teknologi, Ekonomi, Sosial dan Budaya*, 2(4).
- Brandon, Dorothy. (2021). The importance of reading comprehension. Alabama A&M Auburn Universities. <https://www.aces.edu/blog/topics/home-family-urban/the-importance-of-reading-comprehension/>
- Brown, H. D. (2014). *Language assessment principles and classroom practices*. New York: Longman.
- Chi, Cristina. (2023). Philippines still lags behind world in Math, Reading and Science PISA 2022. Philstar Global. <https://www.philstar.com/headlines/2023/12/06/2316732/philippines-still-lags-behind-world-math-reading-and-science-pisa-2022>
- Fitriyani, Sari et al. (2014). Pre-questioning technique in improving students' achievement in reading narrative text. *English Education Program FKIP, Untan*, 1-13.
- Harmer, Jeremy. (1991). *The practice of English language teaching*. New York: Longman.
- Latifa, Annisa. (n.d.). The use of pre-questioning on reading comprehension. <https://www.scribd.com/document/616105615/The-use-of-pre-questioning-in-reading-comprehension>
- Main, Paul. (2023). *Theories of reading. Structural Learning. Learning with a Teacher | Theories of Reading | Whole Language Theory*.
- Mangare, Putre. (2024). The use of pre-questioning technique to improve students reading comprehension. *English Education Study Program, Faculty of Languages and Arts, Universitas Negeri Manado*, 3(5), 564-576.
- Mustika, Yeni. (2022). The use of pre-questioning to improve students' reading comprehension, 8(1), 41-51.
- Oktaviani, Hanita et al. (2020). The effect of pre-questioning and skimming techniques on students' reading comprehension achievement of narrative text, 1(2), 51-55.
- Quintino, Hosenia & Abagon, Baby. (2021). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng pambansang mataas na paaralan ng Subic, 5(6), 463-472.
- Riswanto, Riswanto. (2022). The impact of pre-questioning teaching on students reading comprehension at Bengkulu State Junior High School. *Al-Ishlah: Jurnal Pendidikan*, 14(2), 2381-2386.
- Rosnaningsih, Asih et al. (2017). The effect of pre-questioning technique on students' reading comprehension. *The Journal of English Language Studies*, 02(01), 46-53.
- Rusmiati. (n.d.). An overview of the implementation of pre-questioning strategy in teaching reading.

- <https://www.aces.edu/blog/topics/home-family-urban/the-importance-of-reading-comprehension/>
Sawchuk, Stephen. (2024). Reading comprehension challenges and opportunities, in charts. Education Week.
<https://www.edweek.org/teaching-learning/reading-comprehension-challenges-and-opportunities-in-charts/2024/01>
- Sipangkar, Winda O. et al. (2024). The effect of pre-questioning teaching technique to the reading comprehension of grade 10 students of SMK Swasta GKPI Pematang Siantar on a narrative text, 2(4), 484-492.
- Starke, Kathryn. (2021). Importance of background knowledge in understanding text. Teaching Hub.
<https://www.teachhub.com/teaching-strategies/2021/08/the-importance-of-background-knowledge-in-understandingtext/>
- Sudarmawan, Kadek A. (2021). Using RAP strategy to teach reading comprehension in EFL class, 4(1), 150-155.
- Syukur, Abdullah. (2022). Effect of pre-questioning on the students' reading comprehension, DEIKTIS: Jurnal Pendidikan Bahasa dan Sastra, 2(3), 332-342.
- Tapasao, Chrisela T. (2023). Estratehiyang SQ3R: Maunawang pagbasa sa Filipino 7. Cebu Technological University.
- The Learning Center. (n.d.). Higher order thinking: Bloom's taxonomy. <https://learningcenter.unc.edu/tips-and-tools/higher-order-thinking>
- Thohidah, Hanifah. (2021). Improving students reading comprehension by applying pre-questioning technique, 1(1), 1-8.
- Utami, Indira Puruhita. (2017). The effectiveness of pre-questioning technique to teach reading comprehension of narrative text. Journal of English Language Teaching, 6(1).
- Yuricki, Effrina. (2022). Pre-questioning technique towards students' reading comprehension. Jurnal Ilmiah Multi Sciences, 13(2), 34-42.

